VI-2 Day-care

1. Sistema ng Day-care sa Japan

May tatlong klase sistema ng day-care sa bansang Hapon: ① Day-care centers (Hoikusho) na kailangan ang pahintulot ng gobyerno bago makapasok (para sa mga karapat-dapat na sanggol o bata na nangangailangan ng pangangalaga), ② Day-care centers na hindi na kailangan ang pahintulot ng gobyerno upang makapasok ngunit may sariling pamamahala o pamamalakad at ③ Day care sa ilalim ng mga pribadong kumpanya.

Ang Day Care center na may pahintulot ng gobyerno ay may pang-publiko at pang-pribado; pero pareho din ang bayad kung parehong nasa iisang munisipyo. Pangkaraniwan na sarado sa maagang oras ng umaga at sa mga huling oras ng gabi ang mga day care center, Bukod dito ay walang serbisyo na naghahandog ng overnight o tuwing Linggo at kapistahan. Ang pag-aaplay ay karaniwang ginagawa sa mga pasilidad ng munisipyo kung saan nakatira ang aplikante at karaniwang tinatanggap ang mga bata na nakatira sa nasasakupang distrito. Para sa detalye tungkol sa pamamaraan at panahon ng pag-aaplay, bayaran atbp. sumangguni sa departamentong nangangasiwa sa day-care ng inyong munisipyo.

2. Pribadong Serbisyo

Marami ang klase ng serbisyo na pinalalakad ng mga nasa pribadong sektor, ang ilan sa mga ito ay ang mga palakad ng mga magulang o volunteers na may pag-aaruga at pagmamahal sa mga bata at mayroon din mga palakad ng mga pribadong kompanya. May mga ilang kompanya rin na naghahandog ng day-care sa gabi at sa araw na walang pasok (holidays) at mayroon ding ibang nagpapadala ng baby sitter sa bahay. Maaaring mag-aplay sa mga kinauukulang kompanya. At siyempre, maaari rin kayong mag-aplay sa mga kompanya na hindi nasasakop ng inyong munisipyo. Gayon pa man, ang halaga ng ibabayad ay hindi pare-pareho.

Para sa detalye ng serbisyo, sumangguni sa bawat kompanya o organisasyon.

3. Family Support Center

May mga munisipyong nagpapalakad ng Family Support Center. Ang mga kasapi ay nagtutulungan tulad ng paghahatid sundo sa kindergarten at ang suportang ito ay upang tingnan o pansamantalang alagaan ang mga bata. Ito ay may bayad tulad halimbawa sa Osaka na ang isang oras ay nagkakahalaga ng 800 yen hanggang 900 yen. Ang pamasahe, pagkain at gatas ay sagot ng magpapaalaga. Para sa higit na kaalaman ay sumangguni sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan.

4. Sistema sa Allowance Para sa Bata

Ang sistema ng allowance sa bata ay ibinibigay sa mga magulang o guardian ng mga batang wala pang 12 taon gulang o bago matapos ng pag-aaral sa elementary. Ang pag bibigay nito ay hanggang Marso 31 lamang, pagkatapos ng kanilang 12 kaarawan. Ang mga taong kumikita ng malaki ayon sa itinakdang pamantayan ay maaaring hindi mabigyan nito. Para sa higit na kaalaman ay mangyari lamang na sumangguni sa tanggapan ng munisipyong inyong kinabibilangan.